



ISSN: 0975-833X

Available online at <http://www.journalcra.com>

**INTERNATIONAL JOURNAL
OF CURRENT RESEARCH**

International Journal of Current Research
Vol. 12, Issue, 03, pp.10779-10789, March, 2020

DOI: <https://doi.org/10.24941/ijcr.38175.03.2020>

RESEARCH ARTICLE

KAALAMAN AT KASANAYAN (*COMPETENCE*) SA PANANALIKSIK NG MGA SENIOR HAYSKUL SA FILIPINO: IMPLIKASYON SA PAGTANGGAL NG FILIPINO SA KOLEHIYO (*CHED MEMO BLG. 20 S. 2013*)

^{1,*}Eliza E. Bayang and ²Ariane Lou R. Rodriguiz

¹Surigao State College of Technology (SSCT) – Surigao City Campus, Philippines

²Placer National High School, Placer, Surigao del Norte, Philippines

ARTICLE INFO

Article History:

Received 24th December, 2019

Received in revised form

10th January, 2020

Accepted 28th February, 2020

Published online 30th March, 2020

Key Words:

Kasanayan, senior hayskul, deskriptiv, implikasyon, pagtanggap

ABSTRACT

This paper is purposive, has emphasized the significance of the Filipino language to the Philippines which being used as a medium during classes or lectures, subsequently exclusive for Filipinos yet inclusive for those interested foreign-neighboring citizens, humbly this needs everyone's apathy onward to anyone's natural rights. Layunin ng pag-aaral na tasain Kaalaman at kasanayan sa pananaliksik ng mga senior high sa Filipino at ang implikasyon sa nito sa pagtanggap ng asignaturang Filipino sa Kolehiyo. Ginamit ng mananaliksik ang disenyong deskriptive o paglalarawan sa tunay na kalagayan at correlational -differential sarvey upang malaman ang layo ng kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral tungkol sa pananaliksik sa mga kaalamang itinuro sa kanila ng asignaturang Filipino antas senior hayskul. Tasain din ang kaugnayan ng profayl at pagkakaiba sa pagi-pagitan ng kaalaman at kakayahan ng 301 na mga tagatugong mag-aaral. Ang instrumremtong ginamit ay talatanungan (Apendiks A). Nagkakaroon ng 301 tagatugong mag-aaral sa aktwal na sarbey. Frequency and percent, Mean, Standard Deviation And Quartile, Multi-Variate ANOVA at Repeated measures ANOVA ang ginamit na istadistikang kagamitan. Napag-alaman namula sa greyd 12 ang karamihang mag-aaral, inilarawang kulang ang kasanayan sa pananaliksik sa Filipino ng mga tagatugong mag-aaral sa senior hayskul. Mas magaling ang GAS sa kakayahang pagpili ng paksa sa pananaliksik; ang Humms strand mahusaya kaysa TechVoch sa pangangalap ng tala para sa pananaliksik. Mas ma katamtaman lamang ang kakayahan sa Filipino ngunit may karanasan naman sa gawaing pananaliksik dahil nirekwayr ng kanilang guro ang pagbuo nito bilang panapos na gawain sa Filipino. Nalalaman na hindi gaanong naipaliwanag nang maayos sa mga tagatugong ang mga bahagi ng pananaliksik paano pasukin at kung ano ang isusulat sa bawat bahagi ng saliksik at lalo na rin ang pagsulat ng talasanggunian. Inirekomenda na bigyan ng pansin ng Kagawaran ng CHED itong munting ideya bilang batayan nila sa pagpapatanggal ng asignaturang Filipino sa kolehiyo.

Copyright © 2020, *Eliza E. Bayang and Ariane Lou R. Rodriguiz*. This is an open access article distributed under the Creative Commons Attribution License, which permits unrestricted use, distribution, and reproduction in any medium, provided the original work is properly cited.

Citation: *Eliza E. Bayang and Ariane Lou R. Rodriguiz*, 2020. "Kaalaman at kasanayan (competence) sa pananaliksik ng mga senior hayskul sa filipino: implikasyon sa pagtanggap ng filipino sa kolehiyo (ched memo blg. 20 s. 2013)", *International Journal of Current Research*, 12, (03), 10779-10789.

INTRODUCTION

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng panimula, suring-basa ng mga literatura, sintesis, balangkas na konseptwal, paglalahad ng suliranin, haypotesis, kahalagahan ng pag-aaral, saklaw at limitasyon ng pag-aaral at katuturan ng mga katawagan. Napakahalagang hakbang sa pagpapakilala sa mga mag-aaral sa Filipino bilang disiplina ang pagpapatatag ng kanilang kaalaman at kasanayan sa pananaliksik na kakailanganin nang lubos sa kanilang pagtuntong sa kolehiyo at sa larangang propesyunal. Kung susuriin nang mabuti, nasisisimulan na ang pagpasok ng mga kasanayang kaugnay ng

pananaliksik sa mababang baitang pa lamang tulad ng simpleng paghahanap ng kahulugan ng salita sa diksyunaryo; pagtatala ng impormasyong hango sa radyo, telebisyon, o diyaryo; mga detalye sa survey; mga pahayag mula sa pakikipanayam; o kahit batay sa sariling obserbasyon sa mga sari-saring bagay. Papataas ang usad ng mga kasanayan sa pananaliksik na kailangang gawin at mapanatili upang makabuo ng higit na pagpapahalaga at pag-unawa ang mga mag-aaral sa pananaliksik bilang dinamikong proseso ng pagbatid sa mga impormasyon, pag-unawa sa tiyak na konteksto niyon, pagsusuri ng kondisyong inilalatang ng realidad, at pagtuklas din ng mga alternatibong kaalaman. Ang asignaturang Filipino ay gumagabay rin sa mga mag-aaral tungkol sa kasanayang ito lalo na sa kurikulum ng K-12, greyd 11 at greyd 12 bilang mga panapos na awtput sa senior hayskul. Pinapagting ng mas lalo ang mga kaalamang pananaliksik sa patuloy sana na pagtuturo sa Kolehiyo. Ngunit ang Ched Memo Order blg. 20 s.

Corresponding author:* **Eliza E. Bayang,
Surigao State College of Technology (SSCT) – Surigao City Campus,
Philippines.

2013 ay naglalayong ipatanggal ang wikang Filipino sa kolehiyo. Ito ay bahagi ng implementasyon ng programang K-12 kung saan aalisin na ang Filipino at Panitikan bilang mga saligang asignatura sa kolehiyo. Minsan matanong sa isipan ng mananaliksik ang panukalang pag-alis ng asignaturang Filipino sa antas kolehiyo sa halip na ipagpapatuloy ito. Kaya sa pamamagitan ng pag-aaral na ito matatasa ng mananaliksik kung karapat-dapat bang ihinto ang pagtuturo ng Filipino sa kolehiyo. Sa pag-aaral na ito tasain ang kaalamang at kakayahan ng mga mag-aaral sa senior high kung sapat na ba ang natutuhan nila sa Filipino sa *Senior High* bilang isa sa mga makitang sukatan sa pagsang-ayon o pagtanggap man kaya sa panukalang tangkang isinulong ng CHED bilang bahagi ng K-12 na programa. Napakahalaga ng pananaliksik hindi lamang sa mga mag-aaral kundi sa iba't ibang uri ng tao. Saklaw nito ang napakaraming benepisyong para sa ikabubuti ng pamumuhay ng tao sa iba't ibang larangan. Ginagamit ang pananaliksik upang maging solusyon sa suliranin, makadiskubre ng bagong kaalaman, konsepto, at impormasyon, Makita ang kabihasan na umiiral ng isang bagay, umunlad ang sariling kaalaman ng mga mag-aaral at mapalawak na kaalaman ng mga mag-aaral, (Bernales et.al, 2012). Mula sa aklat ni Maranan et.al (2016) maraming kapakinabangan ang inihahain ng pagbuo ng pananaliksik para sa mga mag-aaral. Ilan sa mga ito ang Nakapagpapalawak ng kaalaman tungkol sa mga bagay-bagay sa paligid; Nakapagbibigay ng mga bagong karanasan na makatutulong sa paglago; Nagpapalawak ng kaisipan; Nahuhubog ang iba't ibang kasanayan at nahahasa sa paglutas ng suliranin.

Napag-alaman na ang gawaing pananaliksik ay may layuning tumuklas ng ng makabagong kaalaman, magpatunay ng umiiral na teorya, makapagbigay ng bagong interpretasyon, magbigay linaw ng isang pinagtatalunang isyu at mapatunayan ang bisa at katotohanan ng isang ideya, (Anatacio, 2016). Ang mga layuning ito ay gabay para sa pagtahak ng mga mananaliksik sa pagpili ng kanilang papaksain. Mapipisil sa ang kakayahang pagbuo ng pananaliksik mula sa hayksul hanggang kolehiyo at madadala pa ito sa paglinang ng propesyong pagtuturo sa matataas na grawadong pag-aaral. Maaring walang humpay ang pag-alam at pagsasanay sa mga kakayahang ito upang mas mapatindi pa omagawa ng malaliman.

Kaya naman, dagdag pa ni Romero (2016) sa pagbibigay-linaw hinggil sa papel ng pagtukoy sa kahalagahan ng pananaliksik, gagabayan ang mag-aaral na magmula sa pagsagot sa serye ng mga tanong sa halip na sa pagharap kaagad sa malawak na tanong na "Bakit mahalaga ang aking pananaliksik?" Isang proseso ng pagsusuri ang pagdadaan ng mga mag-aaral na binubuo ng sumusunod: (1) pagbasa ng halimbawang teksto ng pananaliksik at pagtukoy sa mga nakapahayag na kahalagahan niyon; (2) pagsusuri sa naging gamit ng kahalagahan ng pananaliksik sa teksto (teknikal na aspekto); (3) pagsusuri sa naging epekto ng pagpapakilala sa kahalagahan ng pananaliksik sa mismong mananaliksik at sa kanyang target o posibleng mambabasa (inter/intrapersonal); at (4) paglulugar ng kahalagahan ng sariling pananaliksik kung saan susuriin ang mahahalagang salik ng sariling proyekto ng pag-aaral tulad ng inaasahang maapektuhan ng impormasyong ibabahagi at ng mga layunin at bisang nais maiwan sa mga mambabasang iyon. Ilan sa mga ito ang kabatirang nakikita mula sa pag-aaral ni Romero (2016) na sa pagtatapos ng proseso, kailangang mabatid ng mga mag-aaral na isang masusing pagpapalano rin ang pagbuo ng kahalagahan ng pananaliksik kung saan napagtatagpo-tagpo ang mga salik tulad ng mga

namamayaning patakaran o polisiya sa lipunan na maaaring pinatitibay o hinahamon ng pananaliksik; magkakatunggaling pananaw mula sa iba't ibang indibidwal, pangkat o institusyon; mga kasalukuyan nang pag-aaral sa paksa na maaaring madagdagan o mabaliko ng pananaliksik; mga metodolohiya ng pag-aaral na umiiral o maaaring paunlarin pa na makatutulong sa kalalabasan ng pananaliksik; at sariling mga pananaw o karanasan na nais ibahagi sa iba.

K-12 Kurikulum ng Pilipinas

Sa bisa ng batas RA 10533 *The Enhanced Basic Education Act sa administrasyong Benigno Aquino III*, mariin na ipinasatupad ang kurikulum na ito sa Pilipinas upang makakasabay ang mga bagong henerasyon sa panglobal na kaalaman at madaling makahanap ng trabaho kahit man sa labas ng bansa. Ang K-12 ay ang karagdagang grades 11 at 12 na nagnanais ihanda ang mga mag-aaral pagkatapos ng high school, kung nais na nilang magtrabaho at hindi agad magtuloy ng kolehiyo, o upang maging handa sa mundo ng pagnenegosyo, o ang mas maging handa para sa kolehiyo mismo. Ayon kay Kalihim Bro. Armin Luistro (2015) ito ay ibibigay ng libre sa mga nais pumasok sa pampublikong paaralan. Bagaman magiging isang puhunan o investment ng mga magulang sa edukasyon ng kanilang mga anak. Alinsunod din sa 1987 Konstitusyon na ang pangunahing layunin nito ay ang kahusayan, kagandahang-loob at pagmamahal sa bayan ang kailangan na magampanan bilang tungkulin ng edukasyon. Naniniwala si Pres. Benigno Simeon C. Aquino III sa kanyang pahayag na, "Education is the key to the long-term problems of the country. If we fix basic education, we fix the long-term problems of the country. And if we fix the country's problems, we will build a truly strong society".

Tinitiyak ng K-12 kurikulum na sa kabuuan ay maisakatuparan ng bawat mamamayan ang mithiin ng bansa para sa ikakaunlad ng kanyang mamamayan sa pamamagitan ng edukasyon. Dagdag pa nya, ang K-12 ay ang pagbibigay ng basic competencies na kailangan upang makapagtrabaho ang mga kabataan. Junior high school pa lamang, maaari ng makakuha ng certificate of competency level 1 basta ma-satisfy lang ang requirements ng TESDA. Senior high school, level 2, naman ay maaari na silang magtrabaho matapos ito.

Senior High ng K-12: Ang programang Senior High ay ang panibagong karagdagang antas na ipinatupad ng pamahalaan at ng kagawaran ng edukasyon na naglalayong tulungan ang mga kabataan at ang pantayan ang sistema ng edukasyon, hindi lamang sa buong Asya, kung hindi sa buong mundo. Ang K-12 senior hayksul ay ang karagdagang grades 11 at 12 na nagnanais ihanda ang mga mag-aaral pagkatapos ng high school, kung nais na nilang magtrabaho at hindi agad magtuloy ng kolehiyo, o upang maging handa sa mundo ng pagnenegosyo, o ang mas maging handa para sa kolehiyo mismo. Senior High School ay dalawang taon ng nagdadalubhasang itaas pangalawang edukasyon. Mga mag-aaral ay maaaring pumili ng isang track ng karera na batay sa kakayahan, interes, at kapasidad ng paaralan. Batay sa paliwanag ni USEC. Dina Ocampo (2014) na ang pagpili ng karera o track ay tukuyin ang nilalaman nito sa mga grado 11 at 12. Ang mga paksa na ito ay mahulog sa ilalim ng alinman sa Core Curriculum o partikular na Career Pathways. Core kurikulum Mayroong anim na mga paksa sa ilalim ng Curriculum Core. Ito Humanities, Wika (Ingles at o Pilipino), Matematika, Pilosopiya, Agham, at Mga Agham Panlipunan.

Sa kasalukuyang nilalaman mula sa ilang Pangkalahatang Edukasyon ang mga paksa ay naka-embed sa kurikulum ng SHS. CAREER PATHWAYS bawat mag-aaral sa Senior High School makapili sa mga limang mga track: Negosyo at Entrepreneurship; Humanities at Mga Agham Panlipunan; Science, Technology, at Engineering; Sports; at Teknikal na Bokasyonal (NTOT 2015). At lahat ng mga kursong ito o tracks ay dumadaan at nangangailangan ng kakayahang pananaliksik upang madetermina nila ang takbo ng kanilang trabaho o pagnenegosyon man kaya.

Wikang Filipino, Wika ng Saliksik: Kung matatandaan ang tema sa taong 2018 ng Buwan ng Wika nagpahayag na ang wikang Filipino ay wika ng saliksik. Maliban sa kakayahang pananaliksik na paglinang sa mga mag-aaral sa Filipino kasabay rin dito ang lalim na kaalaman ng wikang Filipino sa gramatika at panitikan o kultura na siyang simulain sa pagbuo ng isang pananaliksik. Ayon kay Zafra (2016) na naglalahad sa papel ng isang dulong sa pagtuturo ng wika na lumilihis na ang nakagawiang pagtuturo ng may diin sa gramatika at komunikasyon. May iba't ibang aspekto ang ugnayang ito ngunit itinatampok ang pagtingin sa wika bilang “daluyan” o “sisidlan” ng kultura. Iminumungkahi rin niya kung paano pwedeng ituro sa konteksto ng K-12, ang wika at kultura na nakabalangkas ayon sa wika ng paglalarawan, wika ng pagbuo ng kahulugan, wika ng pagtugon at wika ng paglahok. Nakasaad sa saligang batas ng Konstitusyon 1987, Artikulo XIV, Seksyon 9. Dapat magtatag ang kongreso ng isang komisyon ng wikang pambansa na binubuo ng mga kinatawan ng iba't ibang mga rehiyon at mga disiplina na magsasagawa, mag-uugnay at magtataguyod ng mga pananaliksik sa Filipino at iba pang mga wika para sa kanilang pagpapaunlad, pagpapalaganap at pagpapanatili. Malinaw na mahalagang ituturo pa sa mga mag-aaral ang asignaturang Filipino upang ito ay hindi mapapabaya. Hindi nagkulang ang batas sa pag-aalaga ng wika at pagpapabatid nito para sa susunod pang mga henerasyon. Dahil maraming naniniwala na ang pag-unlad ng bawat buhay-indibidwal ay sa pamamagitan ng masinop na pananaliksik.

CHED Memo. No. 20, Series of 2017- Ang Pagtanggap ng Filipino: Umani ng tagumpay ang kampanya laban sa Commission on Higher Education (CHED) Memorandum No. 20 series of 2013 (CMO 20) nang ipatigil ng Korte Suprema ang implementasyon nito. Noong Abril 22, naglabas ng Temporary Restraining Order (TRO) ang Korte Suprema bilang tugon sa petisyon ng Alyansa ng Mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino (Tanggol Wika), isang grupo ng mga guro, mag-aaral, at manunulat, para ibasura ang CMO No. 20. Ang CMO 20 ay naglalayong ipatanggal ang wikang Filipino sa kolehiyo. Ito ay bahagi ng implementasyon ng programang K-12 kung saan aalisin na ang Filipino at Panitikan bilang mga saligang asignatura sa kolehiyo. Tinuligsa ng Tanggol Wika ang CMO 20 sa paglabag nito sa mga probisyon ng Konstitusyon at ang mga kaugnay na batas katulad ng RA 7356 hinggil sa pagtaguyod ng makabayang kultura at edukasyon. Ayon din sa grupo, malalagay sa panganib ang trabaho ng mahigit 78,000 guro sa bansa bunsod ng pagtatanggal ng wikang Filipino sa kolehiyo. Tugon ng rehimeng Aquino ang pagtatanggal ng wikang Filipino sa kolehiyo sa dikta ng mga imperyalistang bansa na hubugin ang sistema ng edukasyon upang makasagot sa kanilang pangangailangan para sa murang lakas-paggawa, ayon sa League of Filipino Students (LFS). “Layunin nila’y lumikha ng kabataan na walang pagmamahal sa sariling bayan, maging

sunud-sunuran na madaling siilin. Ito ang mga katangian na kailangan ng mga dambuhalang korporasyon,” ani LFS national spokesperson Charisse Bañez. Ayon kay Bañez, isang malaking tagumpay ang TRO sa CMO 20 ngunit patuloy pa rin ang laban upang ipagtanggol ang wikang Filipino laban sa mga atake ng K-12 at para isulong ang makabayan, siyentipiko, at makamasang edukasyon, (Tanggol-Wika 2017)

Pananaliksik bilang Rekwaryment: Maraming bilang ng mga mag-aaral na palihim na nagrebelde ang kalooban dahil isa sa mga kailanganin o rekwaryment nila ang magpasa ng sulatin. Ito ay karaniwang senaryo sa maraming klasrum at halos ay hindi binibigyang-pansin ng maraming guro ng wika. Ang akademikong pagsulat ay isa sa mga kompetensi na linangin sa paaralan. Ilan sa mga pag-aaral tungkol sa pananaliksik na nagpapakita ng kabuluhan para sa paglinang ng kaalaman ng mga mag-aaral sa bawat signaturang kanilang kinukuha. Sa pag-aaral nina John Bitchener^a at Helen Basturkmen^b (2006) ipinakikita ang kalabasan nito na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik lalo na sa pagtatanong sa paraang pakikipanayam. Karamihan sa mga tagatugon sa nasabing pag-aaral ay naniniwala na mahirap gawin ang tesis. Limitado lamang ang kanilang kaalaman sa pagbuo nito. Kahit man ang mga mag-aaral sa paaralang gradwado ay di pa nasasanay sa mga ganitong gawain dahil kung may karanasan man sila sa panahon ng Kolehiyo ay nakakalimutan na nila ang bagong istelo ng bawat bahagi paano bubuun lalo na sa mga suring-basa na likom mula sa iba't ibang kaugnay na babasahin sa paraang pagdodokumento o kopya nito.

Sa aklat ni Atanacio et.al (2009) binigyan ng kahulugan ang dokumentasyon bilang pangangalap at pagsasaayos ng mga material tulad ng teksto, video, aklat, magsin at iba pa. Isa itong teknikal na gawain na nangailangan ng sapat na kaalaman upang maging masinop at maayos ang isang sulating akademiko. Ang kaalaman ng dokumentasyon ay lalong nagpapatatag sa kredibilidad ng isang sulatin. Maaring gawing kagawian ang pagsulat sa buhay ng tao dahil maliban sa pangkaisipang bisa nito ay maihayag din emosyon ng isang manaunulat nang may laya sa bisa ng damdamin. Mula sa aklat ni Badayos (2018) mabasang dapat isaisip na ang kakayahang mailahad ang anumang naiisip o nadarama sa pamamagitan ng pagsulat ay napakahalaga sa pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan. Maaring tingnan bilang tugon ito sa pagpapahayag ng damdaming emosyunal na karaniwan na minsang mahirap gawin sa pasalita.

Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pananaliksik: Ang kahirapan sa pagsulat ng mga mag-aaral ay kapansin-pansin sa maraming guro. Ang ganitong tanawin ay maaring bunga ng mga maling konsepto at mga paraan at estratehiya sa mabisang pagtuturo ng pagsulat o komposisyon bilang simulain sa mga paaralan. Ayon kay Valaro (2011) na ang DepEd ay patuloy ang pagpapatibay sa abilidad at kakayahan ng mga gurong magtuturo sa K-12 na kurikulum. Dagdag pa ni Maigne, (et.al, 2015) hindi na nauunawan ang maayos o sapat na edukasyon para sa mga kabataan. Kung iisipin, mas nakakabuti na balikan ang nakaraan mas maayos kung ang nauukulan mismo ay nagsisikap at nagiging determinado upang makamtan ang edukasyong minimithi. Sa mga senaryong ito pananaliksik ang kailangan ng ahensya matukoy ang tamang dapat gawin ng kagawang pang-edukasyon para sa pinakamahalagang matutunan ng bata sa kontekstwalisadong paraan.

Inihayag naman ni Giron (2012) na madaming bansa ngayon ang dumadanas ng matuling takbo ng pagbabago sa paglinang ng kaalaman, agham, teknolohiya, pulitika at pangkabuhayan. Lahat ng mga pagbabago ay isang malaking hamon sa larangan ng edukasyon. Minsan ang pagpapalalim ng kaalaman ay hindi sa pagtanggap ng namulatan bagkus ipagpatuloy upang huwag kalimutan na taliwas sa pagpaplanong habla ng Komisyon sa Matataas ng Edukasyon sa panukalang CHED Memo blg. 20s. 2017. Sintesis. Ang suring-basa ay gumagabay sa layunin ng isang pag-aaral at ito ay nagpapatingkad ng mga kaisipan upang mapagtimbang-timbang ang katibayan ng bawat ideyang inilalahad nito. Masisilip dito ang pagkakatulad, pagkakaiba at kaugnayan ng mga sinuring literatura na nagmumula sa iba't ibang mga awtors. Mula sa mga ideya ni Bernales, Maranan, Anatacio at Romero tungkol sa Kahalagahan ng pananaliksik sa bawat mag-aaral ay mariin na inihayag nila na mahalaga ang kakayahang ito para sa pagpapatuloy ng edukasyon o propesyon man na siyang pokus din ng kasalukuyang pag-aaral. Maisaalang-alang din ang mga pananaw ng K-12 Kurikulum sa bisa ng R.A 10533, artikulo ng Konstitusyon para sa pagpapahalaga ng wika sa paaralan na may kaugnayan at sumusporta sa ideya ng naunang awtors. Ngunit magkaiba naman ang pananaw ng CHED sa inilabas na Memo blg. 20 s. 2017 sa pagtanggap ng asignaturang Filipino sa Kolehiyo na inilaban ng grupong tanggol-wika. Ang bawat pagkakatulad at pagkakaiba ng mga nalikom na impormasyon ay maaring mapatunayan rin at maihahambing ang mga ito sa tulong ng masinop na pagsalang-alang ng mga datos batay sa kinalabasan ng kasalukuyang pag-aaral. Ngunit may kaugnayan man o pagkakatulad ang nailalahad na kaisipan, ang mga ito ay nagtaglay pa rin ng pagkakaiba batay sa komunidad na kanilang batis ng impormasyon at panahon.

Paglalahad ng Suliranin: Sa bahaging ito ay napapaloob ang mga kaugnay na pag-aaral at literatura lokal at banyaga. Ang mga nasabing kaisipan o ideya at mga impormasyon nailalahad sa kabanatang ito ay nagsisilbing gabay sa pagpapalawak o pagpapatingkad ng mga ilang konseptong nais ipapahiwatig ng ginawang pag-aaral ng mananaliksik.

- Ano ang profayl ng mga mag-aaral ng SENIOR HIGH bilang tagatugon ayon sa;
 - Baitang o taon;
 - Strands na kinabibilangan;
 - Antas deskripsyon o GPA sa Filipino;
 - Paaralang pinasukan;
 - Karanasan sa pagbuo ng papel pananaliksik;
 - Mga Asignaturang may rekwayrment sa pananaliksik
- Nasa anong antas ng kaalaman o kasanayan ang natutuhan ng mga mag-aaral sa senior batay sa sumusunod;

Konsepto ng pananaliksik

Kasanayan: Nabibigyang kahulugan ang mga konseptong kaugnay ng pananaliksik, F11PT-IVcd-89

Pagpili Ng Paksa

Kasanayan: Nakasusuri ng ilang halimbawang pananaliksik, (F11PB-IVab-100).

Pangangalap ng tala / pagsulat ng bibliograpi

Kasanayan: Nagagamit ang ugnayang lohikal at ugnayan ng mga ideya sa pagsulat ng isang pananaliksik. (F11EP-IVij-38).

PAGHAHANDA NG TENTATIBONG BALANGKAS

Kasanayan: Naiisa-isa ang mga paraan at tamang proseso ng pagsulat ng isang pananaliksik, F11PUpIVef-91.

PINAL NA PAGSULAT NG PANANALIKSIK

Kasanayan: Nakakasulat ng isang panimulang pananaliksik o reaksyong papel, F11Ep-IVij-38.

Mayroon bang kaugnayan ang profayl ng mga tagatugong mag-aaral sa antas ng kaalaman o kakayahan taglay ng mga senior ayon sa mga baryabol na nakasaad sa suliranin ikalawa?

Mayroong bang mahalagang pagkakaiba ang antas ng natutuhan ng mga mag-aaral sa senior high batay sa bawat mga kompetensesis o kasanayang nakasaad sa ikalawang suliranin?

Batay sa mga natuklasan, ano ang maging implikasyon nito sa panukalang pagpapaalis o pagtanggap ng asignaturang Filipino sa Kolehiyo?

Haypotesis: Ang mga suliranin 1, 2 at 5 ay malaya sa haypotesis nitong pag-aaral. Ang suliraning 3 at 4 lamang ang magkaroon ng haypothesis o hinuha dahil ang mga ito ay nanganga ilangan ng pagtitiyak sa pamamagitan ng paghahambing sa bawat baryabol ayon sa sumusunod;

Ho1. Mayroon bang kaugnayan ang profayl ng mga tagatugong mag-aaral sa antas ng kaalaman at kakayahan taglay ng mga senior ayon sa mga baryabol na nakasaad sa suliranin ikalawa?

Ho2. Mayroong bang mahalagang pagkakaiba ang antas ng natutuhan ng mga mag-aaral sa senior high batay sa mga kompetensesis o kasanayang nakasaad sa ikalawang suliranin?

Materials and methods (pamamaraan ng pananaliksik): Sa kabanatang ito ay nakapaloob ang mga bahaging disenyo ng pananaliksik, ang instrumentong ginamit sa pananaliksik, pamamaraan, kaligiran at pagsusuring datos.

Research Design (Disenyo ng Pananaliksik): Ginamit ng mananaliksik ang disenyong deskriptive o paglalarawan sa tunay na kalagayan at correlational -differential sarvey upang malaman ang layo ng kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral tungkol sa pananaliksik sa mga kaalamang itinuro sa kanila ng asignaturang Filipino antas senior hayskul. Dito matatasa ang kaugnayan ng profayl at pagkakaiba sa pagi-pagitan ng kaalaman at kakayahan ng 301 na mga tagatugong mag-aaral.


(Kabuaan at Sampol ng mga Tagatugon): Makikita sa talahanayan 1 ang distribusyon ng mga tagatugon para sa pag-aaral na ito. Ang lugal na pagkukunana ng mga Tagatugon ay ang distrito ng Placer Surigao del Norte. May apat na senior Hayskul sa naturang distrito; Placer National High School na may 168 na mga mag-aaral sa greyd 12; Pananay-an NHS-Placer Annex ay may 13 na mga Mag-aaral; Lakandaula NHS

may 18; Amando A. Fabio Memorial NHS na may bilang na mga-aaral na 180. Ang kabuuan nito ay nagkakaroon ng 379 senior hayskul ng greyd 12. Kukuha ang mananaliksik ng kabuuang bilang sa 379 ng grey 12 dahil kaunti lamang sila. At di isinama sa pag-aaral na ito ang greyd 11 dahil di pa lubos natatapos nila. Nang pag-alam sa mga kaalamang mula sa tatlong asignatura mayroon ang senior Hayskul.

Talahanayan 1. Distribusyon ng mga Tagatugon

Paaralan	Mag-aaral (N)
1 PLACER NATIONAL HIGH SCHOOL	168
2 PANANAY-AN NHS-PLACER ANNEX	13
3 LAKANDULA NATIONAL HIGH SCHOOL	18
4 AMANDO A. FABIO MEMORIAL NHS	180
Kabuuan	379

Kaligiran ng pananaliksik: Ang mga matataas na paaralan na siyang napiling tagatugon sa pag-aaral ay matatagpuan sa bayan ng Placer Surigao del Norte. Makikita sa mapa na nasa kasunod sa pahina na ito ang mapa ng Placer. Ang bayan ng placer ay ikalimang klaseng bayan sa uri ng kita ng lalawigan ng Surigao del Norte, Pilipinas. Ayon sa senso noong 2010,



Template no. 1 Mapa ng Placer Surigao del Norte

May populasyon itong 24,600 katao sa may 4,237 na kabahayan. Mayroong 20 mga barangay tulad ng: Amoslog, Anislagan, Bad-as, Boyongon, Bugas-bugas, Central (POB), Ellaperal (Nonok), Ipil (Pob), lakandula, Mabini, Macalaya, Magsaysay (pob), Magupange, Pananay-an, Panhutongan, San Isidro, saninsani, santa Cruz, Suyoc at Tagbongabong. Ang munisipalidad ng Placer ay may layo na 33 kilometro sa syudad ng Surigao at matatagpuan sa hilagang bahagi ng Surigao del Norte mula 125 31' hanggang 125 41' hilagang latitude at mula 9 35' hanggang 9 43' silangang latitude. Nasa kalagitnaang bahagi ng lalawigan mismo madadaan sa kahabaang karugtong ng Tandag at patungong Butuan.

Pinangalanan ng punong-barangay na si Felipe Costudio ang bayang PLACER na nangangahulugang Mina at Ligaya dahil ang mga tao roon ay sagana sag into, isda at masaganang ani ng palay. PLACER ay isasa mga tawag ng pamamaraang hanapbuhay ng placernoon sa pangunguha ng ginto. May mga paaralan ding makikita sa bayang ito; Elementarya, Sekundarya at paaralang senior Hayskul. Sa distrito 1 may tatlong paaralang senior hayskul ang Placer National High School na matatagpuan mismo sa munisipalidad; Pananay-an National high school; at Lakandula national High School na matatagpuan sa Isla ng Placer. Sa distrito 2 naman nagkaroon lamang ng isang paaraln ng senior Hayskul Amando a. Fabio Memorial National Hig School. Samakatuwid mayroon apat na

paaralng senioy hayskul ang distrito ng Placer na siyang target na lugal ng pag-aaral na ito.

METHODS AND MATERIALS

(Metodoleheya at Instrumento ng Pananaliksik): Ang instrumremtong gagamitin ng mananaliksik ay isang talatanungan (Apendiks A)na binubuo ayon sa nilalaman o kaalaman na napag-aralan ng mga mag-aaral ng senior hayskul katumbas sa kasanayang naibatay sa pagtuturo at pagkatuto ng pananaliksik. Mailarawan ang talatanungan sa dalawang bahagi lamang. Ang una ay ang profayl ng tagatugong mag-aaral at ang ikalawa ay ang isang pagsusulit na 25 aytems sa uri ng pagpipiliang pasulit may 5 aytem; 3. Naisa-isa ang mga paraan at tamang proseso ng pagsulat ng isang pananaliksik may 5 aytem din; Nagagamit ang ugnayang lohikal at ugnayan ng mga ideya sa pagsulat ng isang pananaliksik ay may 5 aytem; at Nakakasulat ng isang panimulang pananaliksik o reaksyong papel sa 5 aytem din. Titiyakin ng mananaliksik na kahit mab... Ang ginamit na talatanungan ng mananaliksik ay sumailalim muna sa proseso ng balidasyon sa Pamamagitan ng; Validity. Ipinapakita ng mananaliksik ang talatanungan sa kanyang tagapayo at sa kamay ng mga dalubhasa sa asignaturang Filipino at masusubukan din ang kawastuan at kaangkupan ng bawat aytem sa pamamagitan ng pagpapasagot sa labinlimang mag-aaral na hindi tagatugon at ipapatuos ito sa istatistisyan.

Reliability: Nasubok ang katiyakan ng katanungan. Isinasagawa ang pagsagot sa mga talatanungan sa labinlimang mag-aaral sa Filipino ng Palacer National High School. Pagkaraan ng isang linggo , ang mga nasabing mag-aaral ay binigyan muli ng pagsubok para sa pangalawang pagsubok. Ito ay upang malaman ang pagkakaiba o pagkakapareho ng kanilang mga sagot sa unang pagsubok at ikalawang pagsubok. Ito ay tinawag sa pamamaraang “re-rerun”. At batay sa kinalabasan ng pagtutuos ito ay nagkakaroon ng 0.883likert scale mataas ang kuha ng resulta at nangangahulugan na maaari nang gamitin ang talatanungan na ginawa ng mananaliksik.

Paglikom ng mga Datos: Bago ipinamudmod ng mananaliksik ang talatanungan sa mga partisipante ay gagawa muna siya ng liham pahintulot para sa superintendente ng Surigao del Norte Dibisyon at sa mga punong-guro ng mga Paaralang Senior Hayskul ng Distrito ng Placer. Pagkatapos mapahintulutan ang mananaliksik para sa kanyang talatanungan ay maaring sisimulan nang ipinamimigay ito sa mga mag-aaral sa ika-12 taon ng senior Hayskul sa Sekundarya ng Distrito. Kukulektahin ng mananaliksik ang talatangungan mula sa mga tagatugon. Mula sa mga makukolektang mga datos, ihahanda ang mga ito upang maisagawa ang pagsusuri sa pamamagitan ng tulong ng kanyang *statistician*.

Pagsusuri ng mga Datos

- Ang mga sumusunodna istadistika ay ginamit sa pag-aanalisa ng nalikom na mga datos:
- Frequency and percent. Ang mga kagamitang istadistikal ay ginagamit para tuusin ang propayl ng mga partisipante sa suliranin bilang 1.

Mean, Standard Deviation And Quartile: Ang kagamitang ito ay ginagamit upang matiyak ang ginamit sa antas ng

kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral sa natutuhang pananaliksik sa suliranin bilang isa at ikalawa.

Multi-Variate ANOVA: Ito ay ginamit upang malaman ang kabuluhan ng ugnayan sa pagitan ng profayl at ang nakamit na kasanayan ng mga mag-aaral sa paglapat ng kaalamang pananaliksik sa suliraning bilang 3.

Repeated measures ANOVA: Ito ay ginamit upang malaman kung mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang tugon ng mga kalahok kung ibabatay sa bawat baryabol na nakapaloob sa suliraning bilang 4 at 5.

RESULTS AND DISCUSSIONS

Mga natuklasan at pagtatalakay: Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga natuklasan at pagtatalakay bilang kasagutan ng mga suliraning saklaw sa pananaliksik na ito. Ang palalahad ng mga ito ay inaayon sa hanay ng mga suliraning banggit sa unang Kabanata. Ang unang suliranin ng pananaliksik ay tungkol sa profayl ng mga tagatugon ayon sa baitang ng pinag-aralan, Strands na kinabibilangan, Antas deskripsyon o GPA sa Filipino, Karanasan sa pagbuo ng papel pananaliksik at mga asignaturang may rekwayrment sa pananaliksik. Ang sumusunod ay ang talakay ng mga baryabol profayl.

Baitang ng Pinag-aralan: Mula sa talahanayan 2 nailahad dito ang tungkol sa profayl ng mga tagatugon at isa na rito ang baitang na pinag-aralan ng mga tagatugon. May dalawang antas lamang dahil ang target ay mga senior hayskul lang. Ang greyd 11 ay mayroong 9 sa bahagdang 3% lamang at ang greyd 12 ay 292 sa bahagdang 97%. Napakaraming nakuh na greyd 12 na siyang sumasagot sa talatanungan ng mananaliksik. Kadalasan kasi ng mga paaralan sa sentro ng Placer ay nasa greyd 12 lamang.

Strand na Kinabibilangan: May apat na strands na isinalang-alang sap ag-aaral; Ang STEM na may 8 sa bahagdang 2.7%; GAS na may bilang na 91 sa bahagdang 30.2; TECHVOC na may bilang na 176 sa bahagdang 58.5 at ang HUMSS sa bilang 23 sa bahagdang 7.6%. Marami sa mga mag-aaral na tagatugon ay kumukuha ng strands na TECHVOC. Maaaring isipin na ang karamihan sa kanila ay nais agad na makapagtrabaho pagkatapos ng K-12 na pag-aaral dahil sa uri ng kursong iyan ay maraming trabaho ang mapapasukan.

Antas Deskripsyon o GPA sa Filipino. Inaatas ang performans ng mga mag-aaral sa apat na deskripsyon, (NI)needs improvement na may 15 ang nakakuha dito sa bahagdang 5%; Satisfactory na may nakakuha na 96 sa bahagdang 31.9%; Vs o very satisfactory na nakakuha na 75 na mag-aaral sa bahagdang 24.9. At walang nakaabot sa excellent na antas. Batay sa resulta ng datos karamihan sa mga mag-aaral ay na sa average lamang ang antas ng kaalaman sa asignaturang Filipino sa mismo sa sentro ng distrito ng Placer, surigao del Norte. Talagang nahihirapan pa ang mga mag-aaral sa gawaing pananaliksik hindi pa sapat ang kanilang alam sa antas ng sekundarya. Ayon kay Bitchener^a at Basturkmen^b (2006) sa kanilang pag-aaral ipinakikita ang kinalabasan nito na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik lalo na sa pagtatanong sa paraang pakikipanayam.

Karanasan sa pananaliksik: Kinunan ng datos ang mga tagatugon tungkol sa karanasan sa pananaliksik at karamihan

sa mga sagot nila ay mayroon ngang karanasan sa bilang 284 sa bahagdang 94.4% at ang walang karanasan ay 17 lamang sa bahagdang 5.6%. Mailalarawan na ang karamihan ay nakaranas ng gawain pananaliksik lalo na sa baitang greyd 12 na kung saan ang pinakamaraming tagatugon dito ay nag mumula sa greyd 12. Sagana sila sa karanasan ng nagpapagawa ng pananaliksik ang mga guro ngunit maaring mailalarwan na hindi pa nia kabisado ang mga bahgi nito kung paano gawin ng maayos. Sa aklat ni Atanacio et.al (2009) binigyan ng kahulugan ang dokumentasyon bilang pangangalap at pagsasaayos ng mga material tulad ng teksto, video, aklat, magsin at iba pa. Isa itong teknikal na gawain na ngangailangan ng sapat na kaalaman upang maging masinop at maayos ang isang sulating akademiko.


Asignaturang may rekwayrment: Tinanong ang mga tagatugon mag-aaral kung ano lamang asignatura ang nagpagawa ng pananaliksik bilang rekwayrment sa pagtapos ng kurso. Karamihang sagot nila ay sa asignaturang Filipino na may 275 na tagatugong nagsabi sa bahagdang 91.4 na siyang pinakamataas na bilang. Nasundan ng Ingles na may bilang na 20 sa sa bahagdang 6.6% at ang pibakamababa ay ang Matematika na may 2 sa 0.7% lamang. Ibig isipin na ang mga guro nila sa Filipino ay talagang nagpagawa ng pananaliksik dahil kung tuusin sa tala ng bilang ng nakaranas ng saliksik ay 284 mula sa 301 na tagatugon. Mailalarawan na ang karamihang tagatugon ay greyd 12, mula sa strands na TECHVOC, ngunit katamtaman lamang karamihan ang kanilang antas ng kaalaman sa asignaturang Filipino. Sila ay mga mag-aaral mula sa mismo sa Placer National High School na nagsabing karamihan sa kanila ay nakaranas ng gawaing pananaliksik bilang rekwayrment sa Filipino.

Kaalaman at Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pananaliksik: Ang talahanayan 3 ay naglalahad ng datos na sumasagot sa ikalawang tanong ng pag-aaral. Ito ay tungkol sa Kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik. Sa naipakita sa talahanayan batay sa konseptong pananaliksik, ang natamong average score ng mga mag-aaral ay 2 out of 25 total score, na ibig sabihin ay nasa antas na *needs improvement o nangangailangan ng pag-unlad*. Naipakita naman sa $Q_1=1$ at $Q_3=3$ na nangangahulugan na 75% ng mga mag-aaral ay nakakuha ng score na mas mababa sa 3 at 25% ay may iskor na mas mababa sa 2. Ibig sabihin nito na karamihan sa mga mag-aaral ay below satisfactory ang Talahanayan 3. Kaalaman at kasanayan sa konseptong pananaliksik.

Nasa antas din na *needs improvement* ang kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral sa kompetensiyang pagpili ng paksa ($M=2$), pagpangalang ng tala/pagsusulat ng bibliography ($M=2$), at paghahanda ng tentatibong balangkas ($M=2$) at pinal na pagbuo ng papel pananaliksik ($M=2$). Sa pareho ding quartile (Q_1 at Q_3) values ng nasabing apat na kasanayan nangangahulugan na 75% ng mga mag-aaral ay nakakuha lamang ng iskor na mas mababa sa 3 at 25% ay mas mababa sa 1. Sa pangkalahatan, ang mga mag-aaral ay may natamong average score na 10 na kung saan ay nangangahulugan ng *needs improvement o nangangailangan ng pag-unlad* na antas ng kasanayan o kaalaman sa nasabing kompetensi. Batay sa kinalabasan masasabing kulang ang kasanayan sa pananaliksik sa Filipino ng mga tagatugong mag-aaral sa senior high. Ayon kay Bitchener^a at Basturkmen^b (2006) sa kanilang pag-aaral ipinakikita ang kinalabasan nito na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik lalo na sa pagtatanong sa paraang pakikipanayam.

Legend:	Score(5 items)	Deskripsyon	Score(25 items)
	0-2	Needs improvement	below 15
	3	Satisfactory	15
	4	Very Satisfactory	16-20
	5	Excellent	21-25

Difficulty Index sa Kaalaman at Kasanayan: Makikita naman sa Figure 1 ang deskripiyon ng difficulty ng mga mag-aaral sa pagsusuit sa kasanayan at kaalaman sa pananaliksik. Kapnasin-pansin na walang makikita sa *line graph* na ang mga linya ng pagpili ng paksa at pinal na pagbuo ng papel pananaliksik ay nasa baba ng 0.05 na difficulty index at nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay talagang nahihirapan sa mga kompetensiyang ito. Samantala, sa mga linya ng konseptong pananaliksik, pangangalap ng tala, paghahanda ng tentatibong balangkas sa pananaliksik, may parte ng mga linya ang nasa taas ng 0.05 difficulty index. Ibig sabihin nito hindi masyadong mahirap para sa mga mag-aaral ang kasanayan sa mga kompetensiyang nasabi. Ang ugnayan ng Profayl ng mga tagatugong mag-aaral sa antas ng Figyur 1.



Figyur 1. Difficulty Index sa Kaalaman at Kasanayan

Kaalaman O Kakayahan Taglay ng mga Senior High ang hanapin kung may kaugnayan at epekto ba ang profayl ng mga tagatugon sa antas ng kaalaman o kakayahang taglay ng mga Senior high ay isa sa mga pangunahing tunguhin ng papel na pananaliksik na ito. Sa sumusunod na mga talahanayan makikita ang resulta ng pagtutuos patungkol sa Ugnayan ng Profayl ng mga tagatugong mag-aaral sa antas Ng Kaalaman O Kakayahan Taglay ng mga Senior High. Sa talahanayn 4, kung titingnan ang column na Effect, labelled Baitang, antas ng Deskripsyon o GPA at asignaturang rekwayrment sa pananaliksik, makikita na ang natamong p-values ay 0.28, 0.63 and 0.3, mismo ay mas mataas pa kaysa significant level 0.05. Ito ay nangangahulugan lamang na walang makabuluhang epekto ang baitang, antas ng Deskripsyon o GPA at asignaturang rekwayrment sa pananaliksik sa kasanayan o kaalaman ng mag-aaral. Sa kabilang banda, kung titingnan ang strand na kinuha ng mag-aaral ay may makabuluhang impluwensya sa kasanayan o kaalaman nila sa pananaliksik sa Filipino, $F(20,936)=1.67$, $p= 0.03 (< 0.05 \text{ level })$; Wilk's $\Delta=.97$, partial $\eta^2=0.029$. Mayroon ding makabuluhang epekto ang pinapasukang paaralan ng mga mag-aaral sa nasabing kasanayan o kaalaman, $F(10, 564)=5.14$, $p=0 (< 0.05)$; Wilk's $\Delta=.84$, partial $\eta^2=0.083$. Naipakita rin sa kinalabasan ng pagsasaliksik na ang karanasan ng mag-aaral sa pagbuo ng papel na pananaliksik ay may epekto at kaugnayan sa

kasanayan at kaalaman nila sa pananaliksik sa Filipino, $F(5, 282)=2.85$, $p=0.02 (< 0.05)$; Wilk's $\Delta=.95$, partial $\eta^2=0.048$.

Sa madaling sabi ng resulta ng datos, mayroong makabuluhang ugnayan ang strands, paaralang pinapasukan at ang karanasan sa pananaliksik. At walang makabuluhang ugnayan ang baitang, GPA at asignaturang humihingi ng rekwayrment pananaliksik sa kaalaman ng mag-aaral patungkol sa pananaliksik. Ang mga kinalabasan na ito ay nagsasabi lamang na ang kaugnayan ng strand, paaralang pinapasukan at ng karanasan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng papel na pananaliksik ay ang pagkakaroon nito ng impluwensya sa kaalaman ng mga mag-aaral sa natatamong sa pananaliksik sa Filipino dahil may natamong makabuluhang epekto sa kabuuang kasanayan at kaalaman sa pananaliksik sa Filipino. At layon ring ipakita sa papel na ito kung paano nagkakaiba ang impluwensya ng strand, paaralang pinapasukan at karanasan sa pagbuo ng papel na pananaliksik na ipinahihwatig sa Talahanayan 4. May mga strands kasi na masinop na ipinatupad ang pananaliksik katulad sa Techvoc tulad na lamang ng *feasibility study* pangnegosyo dahil ang mga ito ay nakabatay lamang sa kanilang sinunod na Gabay sa kurikulum. Sa paliwanag ni USEC. Dina Ocampo (2014) na ang pagpili ng karera o track ay tukuyin ang nilalaman nito sa mga grado 11 at 12. Ang mga paksa na ito ay mahulog sa ilalim ng alinman sa Core Curriculum o partikular na Career Pathways. Ang mga ito ay nangangailangan ng kontekstwalisadong pagganap sa pamamagitan ng pananaliksik. Dagdag pa niya na pinakamabuting gawaing kontekstwalisasyon an gang gawaing pananaliksik dahil ang saliksik ay nakaangkla lagi sa isang lugal na kinabibilangan o mga problema sa komunidad na nais mabigyan ng solusyon. May ilan din paaralan na kung ang mga guro ay di masyado hantad sa pananaliksik magkaroon ng epekto ito sa kaalaman ng bata. Nagpapagawa man sila ngunit hindi nagabayan ng maigi. Naipagpalagay na dumanas sila ng pananaliksik ayon sa profayl ngunit ang kakayahan dito ay di pa sapat dahil minsan bihira lang sa sekundarya ang masteral na maituro ng lubusan ang nasabing gawain. Kumbaga maaaring naging salik ang kakayahan ng guro na humahawak ng strands at asignatura.

Ugnayan Ang Profayl ng mga Tagatugong Mag-Aaral sa Antas ng Kaalaman O Kakayahan Taglay ng mga Senior sa Pananaliksik: Sa talahanayan 5, nailalahad dito ang tungkol sa ugnayan ng profayl ng mga mag-aaral at antas ng kaalaman at kakayahan ng mga senior hayskul.

Strands: Batay sa datos, ang impluwensya ng strand na kinabibilangan ng mga mag-aaral ay mahalaga sa kasanayan at kaalaman nila sa pagpili ng paksa ($F = 2.897$; $p =0.02 < .05$; partial $\eta^2 = 0.039$); sa pangangalap ng tala/pagsulat ng bibliography ($F = 2.484$; $p = 0.04 < 0.05$; $\eta^2 =0.034$). Ibig sabihin nito na ang pagkakaiba ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik sa Filipino ayon sa pagpili ng paksa at pangangalap ng tala/pagsulat ng bibliography ay maiuugnay sa pagkakaiba ng strand na kanilang kinabibilangan sa senior high. May strands tulad ng Techvoc sila ay nahihirapan sa pagpili ng paksa kung ano ang kanilang papag-aralan at nahihirapan din sila sa pagbuo ng talasanggunian o bibliogyapiya dahil limitado lang ang mga reperensyang mapagkunan sa kanilang pananaliksik. Dahil unang isalang-alang sa pagpili ng paksa ay ang availability ng mga aklat o ibang mapagkunan sorses na kaisipan na may kaugnayan sa paksa nang magabayan ang pag-aaral.

Talananayan 2. Profayl ng mga Tagatugon

Profayl	f(n=301)	Percent	
Baitang o Taon	Grade 11	9	3
	Grade 12	292	97
Strand na kinabibilangan	STEM	8	2.7
	GAS	91	30.2
	TECHVOC	176	58.5
	HUMSS	23	7.6
		53	1
Antas deskripsyon o GPA sa Filipino	NI	15	5
	Satisfactory	96	31.9
	VS	75	24.9
Paaralang pinapasukan 38.2	Placer Nat'l High School		
	Excellent		
	Placer NHS	15	502
	Panay-An NHS	16	24
	Placer Anx	144	7.8
Karanasan sa pagbuo ng papel pananaliksik	May karanasan	284	94.4
	Walang karanasan	17	5.6
Mga asignaturang may rekwayment sa pananaliksik	Filipino	275	91.4
	English	20	6.6
	Matematika	2	0.7
	at iba pa	4	1.3

Talananayan 3. Kaalaman at Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pananaliksik

Kasanayan	Q1	Q3	Mean	SD	Deskripsyon (ng mean)
Konseptong Pananaliksik	2	3	2	0.91	Needs improvement
Pagpili ng paksa	1	3	2	1.12	Needs improvement
Pangangalap ng tala/pagsulat ng bibliography	1	3	2	1.20	Needs improvement
Paghahanda ng tentatibong balangkas	1	3	2	1.14	Needs improvement
Pinal na pagbuo ng papel pananaliksik	1	3	2	1.21	Needs improvement
Pangkalahantan	8	12	10	3.52	Needs improv't

Talananayan 4. Ugnayan ng Profayl ng mga tagatugong mag-aaral sa antas Ng Kaalaman O Kakayahan Taglay ng mga Senior High

Effect	Wilks' Lambda	F	Hypothesis df	Error df	Partial η^2	p	Decision on Ho
Baitang	0.97	1.25	5	282	0.022	0.28	Not Rejected
Strand	0.89	1.67	20	936	0.029	0.03	Rejected
GPA	0.95	0.85	15	778	0.015	0.63	Not Rejected
Paaralang pinapasukan	0.84	5.14	10	564	0.083	0	Rejected
Karanasan sa papel na Pananaliksik	0.95	2.85	5	282	0.048	0.02	Rejected
Asignaturang rekwayment	0.94	1.15	15	778	0.02	0.30	Not Rejected

Talananayan 5. Ugnayan ng Profayl sa Antas ng Kaalaman O Kakayahan Taglay ng Senior Hayskul sa Pananaliksik batay sa Strands, Paaralan at Karanasan

IV(Profayl)	DV (Kasanayan)	df	F	Partial Eta ²	p	Decision on Ho
Strand	Konseptong Pananaliksik	4	1.8	0.025	0.129	Not Rejected
	Pagpili ng paksa	4	2.897	0.039	0.022	Rejected
	Pangangalap ng tala/pagsulat ng bibliography	4	2.484	0.034	0.044	Rejected
	Paghahanda ng tentatibong balangkas	4	2.169	0.029	0.073	Not Rejected
	Pinal na pagsulat ng pananaliksik	4	1.388	0.019	0.238	Not Rejected
Paaralang Pinapasukan	Konseptong Pananaliksik	2	7.929	0.053	0	Rejected
	Pagpili ng paksa	2	7.94	0.053	0	Rejected
	Pangangalap ng tala/pagsulat ng bibliography	2	0.166	0.001	0.847	Not Rejected
	Paghahanda ng tentatibong balangkas	2	3.247	0.022	0.04	Rejected
	Pinal na pagsulat ng pananaliksik	2	7.315	0.049	0.001	Rejected
Karanasan sa papel Pananaliksik	Konseptong Pananaliksik	1	4.996	0.017	0.026	Rejected
	Pagpili ng paksa	1	0.979	0.003	0.323	Not Rejected
	Pangangalap ng tala/pagsulat ng bibliography	1	2.791	0.01	0.046	Rejected
	Paghahanda ng tentatibong balangkas	1	0.511	0.002	0.475	Not Rejected
	Pinal na pagsulat ng pananaliksik	1	1.297	0.005	0.256	Not Rejected

Talananayan 6. Subok na Paghahambing batay sa Strand

Kasanayan	Strand	STEM	GAS	TECH VOC	HUMSS	5
Pagpili ng paksa	STEM(M=1.25)	1	0.26	0.86	0.61	0.798
	GAS(M=2.14)	0.26	1	0.02	0.97	0.31
	TECHVOC(M=1.68)	0.86	0.02	1	0.84	0.07
	HUMSS(M=1.96)	0.61	0.97	0.84	1	0.18
	5(M=0.33)	0.798	0.31	0.07	0.18	1
Pangangalap ng tala/pagsulat ng bibliography	STEM(M=2)	1	1	0.98	0.99	0.18
	GAS(M=2.04)	1	1	0.48	0.96	0.05
	TECHVOC(M=1.76)	0.98	0.48	1	0.45	0.16
	HUMSS(M=2.26)	0.99	0.96	0.45	1	0.04
	5(M=0)	0.18	0.05	0.16	0.04	1

Talahanayan 7. Subok na Paghahambing batay sa Paaralang Pinapasukan

Kasanayan	Paaralang pinapasukan	Placer Nat'l High School	2	4
Konseptong Pananaliksik	Placer Nat'l High School(M=2.36)	1	0.18	0.04
	2 (M=1.67)	0.18	1	0.46
	4 (M=2.13)	0.04	0.46	1
Pagpili ng paksa	Placer Nat'l High School(M=1.46)	1	0.96	0
	2 (M=1.33)	0.96	1	0.14
	4 (M=2.21)	0	0.14	1
Paghahanda ng tentatibong balangkas	Placer Nat'l High School(M=1.64)	1	0.95	0.001
	2 (M=1.5)	0.95	1	0.42
	4 (M=2.12)	0.001	0.42	1
Pinal na pagsulat ng pananaliksik	Placer Nat'l High School (M=1.76)	1	0.71	0
	2 (M=2.17)	0.71	1	0.86
	4 (M=2.44)		0	0.86

Talahanayan 8. Subok na Paghahambing Batay sa Karanasan sa papel na pananaliksik

Kasanayan	Pananaliksik	May Karanasan	Walang Karanasan
Konseptong Pananaliksik	May karanasan (M=2.21)	1.00	0.026
	Walang karanasan (M=2.59)	0.026	1
Pangangalap ng tala/pagsulat ng bibliography	May karanasan (M=1.9)	1.00	0.04
	Walang karanasan (M=1.35)	0.04	1

IV	Wilks' Lambda	F (4,297)	p	Decision on Ho
Kasanayan	0.868	11.283	0.132	Not Rejected

Paaralang Pinapasukan: Ang epekto ng paaralang pinapasukan ay makikita sa kasanayan ng mga mag-aaral sa konseptong pananaliksik ($F = 7.292$; $p = 0 < .05$; partial $\eta^2 = 0.053$); pagpili ng paksa ($F = 7.94$; $p = 0 < .05$; partial $\eta^2 = 0.053$); paghahanda ng tentatibong balangkas ($F = 3.24$; $p = 0.04 < .05$; partial $\eta^2 = 0.022$); at pinal na pagsulat ng pananaliksik ($F = 7.292$; $p = 0 < .05$; partial $\eta^2 = 0.053$). Sa makatuwid, ang pagkakaiba ng kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral sa pananaliksik tulad ng pagbuo ng konsepto, pagpili ng paksa, pagbalangkas at ang pagsulat ng pinal na papel ay nauugnay sa pagkakaiba din ng paaralang kanilang pinapasukan. Minsan ang paaralan ay kumakatawan sa mga guro. Anong uring mailalarawan ang guro na nagtuturo sa paaralan. Sila ba ay mga masteral na dahil kung hindi kabisado ay di maituro ng maayos ang halos lahat ng kompetensiyas sa pananaliksik at siguradong apektado ang kaalaman ng mga mag-aaral na hawak nila.

Karanasan ng Pananaliksik: Ang impluwensya ng karanasan sa pananaliksik ng mga mag-aaral ay naiugnay sa kasanayan at kaalaman sa konseptong pananaliksik ($F = 4.996$; $p = 0.026 < .05$; partial $\eta^2 = 0.017$); at pangangalap ng tala/pagsulat ng bibliography ($F = 2.791$; $p = 0.046 < .05$; partial $\eta^2 = 0.01$). Sa kinalabasang ito masasabi na ang pagkakaiba ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik ayon sa konsepto at pangangalap ng tala ay naayon sa karanasan ng mga mag-aaral sa pananaliksik. Ayon sa profayl na kinalabasan halos lahat ng mag-aaral na tagatugon ay nagsabing may karanasan sila sa gawaing pananaliksik ngunit tukoy ng datos na may kahinaan pa rin sila sa kung paano intindihin ang konsepto ng pananaliksik. Nailalarawan na hindi naipaliwanag ng maayos sa kanila mga bahagi paano pasukin at kung ano ang isusulat sa naturang bahagi ng saliksik at lalo na rin ang pagsulat ng talasanggunian. Sa kabuuan, sa profayl-strands tukoy ang kompetensiyas na pagpili sa paksa at bibliograpiya na siyang may ugnayan na nakakaapekto sa kaalaman at kakayahan ng mag-aaral sa pananaliksik; Sa profayl-paaralan halos lahat ng kompetensiyas maliban sa bibliograpiya; at sa profayl karanasan ay ang kompetensiyas na konsepto ng papel at bibliograpiya.

Sa Talahanayan 6 ipinakita ang emphasis kung anong grupo ng mga mag-aaral batay sa strand nagkakaiba ang epekto ng nasabing baryabol sa kasanayan nila sa pananaliksik. Makikita sa resulta na ang mga mag-aaral sa TechVoch ($M=1.68$) at GAS ($M=2.14$) strand ay may makabuluhang pagkakaiba ng kasanayan sa pagpili ng paksa sa pananaliksik ($p = 0.02 < 0.05$). Sa ipinakitang mean (M), masasabi na ang mga mag-aaral sa GAS strand ay mas magaling kung paano ang pagpili ng paksa sa pananaliksik kaysa sa TechVoch. Naipakita naman sa resultana ang mga mag-aaral sa ibang strand "5" ($M=0$) ay may makabuluhang pagkakaiba ng kasanayan sa pangangalap ng tala/pagsulat ng bibliography sa pananaliksik kaysa sa mga mag-aaral sa GAS ($M=2.04$) at HUMSS ($M=2.26$) strand (whose p-values are 0.05 and 0.04, respectively). Napatunayan batay sa kanilang kuhang mean na mas magaling ang nasa GAS at Humms strand kaysa sa iba "5" sa pangangalap ng tala para sa pananaliksik. Samantala, ang ibang strand at napagkitaan na walang pagkakaiba ng performance sa nasabing mga kasanayan (Since p-values obtained are greater than 0.05). Sa madaling sabi, GAS strand ay mas magaling kung paano ang pagpili ng paksa sa pananaliksik kaysa sa TechVoch. At mas magaling ang nasa GAS at Humms strand kaysa sa iba kung sa pangangalap ng tala o bibliograpiya.

Subok na Paghahambing batay sa Paaralang Pinapasukan: Masisilip sa talahanayan 7 ang subok na paghahambing batay sa profayl ng paaralang kinabibilangan ng mga tagatugon.

Konseptong Pananaliksik: Batay sa mga tala sa talahanayan 7, ang mga mag-aaral sa Placer National High School ($M=2.36$) at paaralan Placer Annex "4" ($M=2.13$) ay may makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan at kaalaman sa konseptong pananaliksik ($p = 0.04 < 0.05$); at sa mean ng dalawang grupo makikita na mas mataas ang antas ng kasanayan ng Placer high kung ikumpara sa paaralan Placer Annex "4".

Pagpili ng Paksa: Sa kabilang banda, natuklasan sa pananaliksik na ito na ang mga mag-aaral sa Placer annex "4"

($M=2.21$) ay may mas mataas na antas ng kasanayan sa pagpili ng paksa ($p=0 < 0.05$).

Paghahanda ng Balangkas: Makabuluhan din ang mas mataas na kasanayan ng paaralang Placer annex "4" ($M=2.12$) sa paghahanda ng tentatibong balangkas sa pananaliksik ($p=0.001 < 0.05$) kaysa sa Placer High ($M=1.64$).

Pagsulat Pinal na Pananaliksik: Ganun din ang makabuluhang pagkakaroon ng mas mataas na kasanayan sa Talahanayan 7. Pinal na pagsulat ng pananaliksik ($p = 0 < 0.05$) ng paaralan Placer Annex "4" ($M=2.44$) kaysa sa Placer National High School ($M= 1.76$). Sa madaling sabi, ang Placer National hayskul ay mahusay sa Konsepto ng pananaliksik samantala ang Placer annex ay mas mahuhusay sa pagpili ng paksa, paghahanda ng balangkas at pagsusulat ng pinal na pananaliksik. Mas maraming kompetensiyang alam ng Placer Annex kaysa Placer Hayskul. Mailalarawang may kahusayan ang kanilang mga guro sa Placer annex kaso kailangan lamang ng pag-unlad o pagpapayaman sa pagtuturo lalo't higit sa larangan ng pananaliksik.

Subok na Paghahambing Batay sa Karanasan sa papel na pananaliksik: Ang talahanayan 8 ay nalalahad ng subok na paghahambing batay sa karanasan sa Papel pananaliksik. Sa Dito ipinakita ang emphasis kung anong grupo ng mga mag-aaral batay sa karanasan nila sa pananaliksik nagkakaiba ang epekto ng nasabing baryabol sa kasanayan nila sa pananaliksik.

Konseptong Pananaliksik. Ang pakakaroon ng pagkakaiba ng kasanayan sa konseptong pananaliksik ($= 0.026 < 0.05$) ay naiugnay sa mas mataas ang kasanayan at kaalaman sa paksang ito ang may karanasan ($M=2.59$) sa paggawa kaysa doon sa walang karanasan ($M=2.21$).

Pangangalap ng mga tala / bibliorapiya: Mas mataas rin ang kasanayan at kalamayan sa pangalap ng tala/ pagsulat ng bibliography ($p = 0.04 < 0.05$) ng may karanasan ($M = 1.9$) sa pananaliksik kaysa sa mga mag-aaral na walang karanasan ($M = 1.35$). May mahalagang pagkakaiba ang antas ng natutuhan ng mga mag-aaral sa senior high batay sa bawat mga kompetensiyang o kasanayan. Kumbaga iba ang may karanasan kaysa walang karanasan kahit anong bagay sa mundo mas lamang ang may alam. Gamit ang repeated measures ANOVA, naipakita sa talahanayan 8 ang sagot kung mayroon bang pagkakaiba sa kompetensiyang o kasanayan ng mga mag-aaral sa senior high.

Pagkakaiba ng Antas ng Natutuhan ng mga Mag-aaral Batay sa mga Kompetensiyang o kasanayan: Sa talahanayan 9 makikita ang pangkalahatang pagkakaiba ng antas ng natutuhan sa pagitan ng inilalahad na kompetensiyang. Nagsabing Walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa mga kompetensiyang na Talahanayan 9. Konseptong pananaliksik, pagpili ng paksa, pangangalap ng tala/ pagsulat ng bibliography, paghahanda ng tentatibong balangkas at pinal na pagbuo ng papel pananaliksik, Wilk's $\Delta = 0.868$, $F(4, 297) = 11.283$, $p = 0.132 > 0.05$ level of significance. Ibig sabihin nito na pare-pareho lang ang natamong antas ng kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral sa lahat ng kompetensiyang na ibinigay. Kung titingnan sa talahanayan ng mga mean sa antas ng kaalamang natamo, naipakita doon na parehong nasa antas na *needs improvement* sa pananaliksik ang mga mag-aaral.

Ang Maging Implikasyon nito sa Panukalang Pagpapaalis O Pagtanggap ng Asignaturang Filipino sa Kolehiyo: Batay sa mga natuklasan sa kabuuan ng pananaliksik napag-alaman na hindi pa handa ang mga mag-aaral sa sekundarya lalo na sa asignaturang Filipino para sa kolehiyo. Hindi pa sapat ang kanilang kaalaman at kakayahan sa gawaing pananaliksik na kung saan aito ang pinakatampok na awtput sa bawat asignaturang ng senior hayskul. Kaya ayon sa Commission on Higher Education (CHED) Memorandum No. 20 series of 2013 (CMO 20) nang ipatigil ng Korte Suprema ang implementasyon nito. Maaring ang pag-aaral na ito ay isa sa mga patunay na ang turo sa sekundarya ay di pa sapat dahil sa maraming salik pa na isalang-alang tulad ng guro. Dahil ayon kay Gonong (2015), "the success of the curriculum depends largely to the teachers teaching the curriculum". Kung may alam ang guro sa pananaliksik posible ito ay maipaliwanag ng maayos sa mag bata at matuto ang mga ito ngunit kung limitado din lang naman ay maaring maayaw-ayawan ang ganitong episode. Tama ang ginawa ng tagatanggol wika na ipaglaban ang asignaturang Filipino sa kolehiyo dahil ang mga guro sa kolehiyo ay research oriented o namumuhay sa mundo ng pananaliksik dahil kailangan nila sa kanilang propesyon. Naging matagumpay pa sana ang laban kaya noong Abril 22, naglabas ng Temporary Restraining Order (TRO) ang Korte Suprema bilang tugon sa petisyon ng Alyansa ng Mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino (Tanggol Wika), isang grupo ng mga guro, mag-aaral, at manunulat, para ibasura ang CMO No. 20.

Conclusion

Kongklusyon: Batay sa mga natuklasan ang mga sumusunod ay kongklusyon ng pag-aaral:

- Mula sa greyd 12 ang karamihang mag-aaral, inilarawang katamtaman lamang ang kakayahan sa Filipino ngunit may karanasan naman sa gawaing pananaliksik dahil nirekwayr ng kanilang guro ang pagbuo nito bilang panapos na gawain sa Filipino;
- Kulang ang kasanayan sa pananaliksik sa Filipino ng mga tagatugong mag-aaral sa senior high;
- Mas magaling ang GAS pagpili ng paksa sa pananaliksik; at Humms strand kaysa TechVoch sa pangangalap ng tala para sa pananaliksik. Mas mahusay ang Placer National hayskul sa Konsepto ng pananaliksik samantala ang Placer annex ay mas mahuhusay sa pagpili ng paksa, paghahanda ng balangkas at pagsusulat ng pinal na pananaliksik. Mas maraming kompetensiyang alam ng Placer Annex kaysa Placer Hayskul;
- Hindi naipaliwanag nang maayos sa kanila mga bahagi paano pasukin at kung ano ang isusulat sa bawat bahagi ng saliksik at lalo na rin ang pagsulat ng talasanggunian.

Recommendation

Rekomendasyon

Batay sa natuklasan at nabuong kongklusyon naririto ang mga rekomendasyon sa nasabing pag-aaral;

Kagawaran ng CHED. Bigyan ng pansin itong munting ideya bilang batayan niyo sa pagpapatanggal ng asignaturang Filipino sa kolehiyo.

Tagapangasiwa ng DepED: Maaring hikayatin nila ng maayos ang tungkol sa pananaliksik. At patuloy ang monitoring kung sinunod nila ang nasa gabay ng kurikulum na OBE ang laging kinalabasan nito sa mga senior hayskul.

Guro: Magpursige nang makapagpapatuloy sa masteral dahil Malaki ang tulong nito sa hawak nilang asignaturang may kinalaman sa pananaliksik. Maging malikhain sa pagtuturo at huwag ayaw-ayawan ang mga edpisode o bahagi ng aralin lalo na sa pananaliksik.

Mag-aaral: Sikapin na matutunan ninyo ang mga kaompetensis sa pananaliksik upang maihanda niyo ang mga sari-sarili nyo sa antas kolehiyo.

Mananaliksik: Maaring palawakin pa ang ganitong uri ng pag-aaral upang mapatindi ang batayan kung may katwiran ban a tanggalin ang Fiipino sa kolehiyo.

REFERENCES

- Anakbayan, 2016. Pagtanggap ng wikang Filipino sa kolehiyo, itinigil ng Korte Suprema.<http://www.anakbayan.org/pagtanggap-ng-wikang-filipino-sa-kolehiyo-itinigil-ng-korte-suprema/>;
- Anatacio H.C. 2009. Pagbasa at pagsulat Tungo sa Pananaliksik. Quezon City: C & E publishing Inc.;
- CHED 2014. *Handbook on typology, outcomes-based education, and institutional sustainability assessment*. QC: CHED;
- Dayag A.M. at Rosario MG. 2017. Pinagyamang Pluma K-12, Komunikasyon at pananaliksik sa wika at Kulturang Pilipino. Quezon City: Phoenix Publishing House, INC.;
- Giron, 2012. Paglinang ng Kaalaman sa Larangan ng Edukasyon
- JohnBitchener^aHelenBasturkmen^b. Perceptions of the difficulties of postgraduate L2 thesis students writing the discussion section.<https://doi.org/10.1016/j.jeap.2005.10.002>Get rights and content;
- Maigue, et.al. 2015 K-12: Pagsulong sa Pagunlad ng Kaalaman sa Wika;
- Maranan et al. 2016. Ang Guru: Komunikasyon at pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Recoletos St. Intramuros, Manila: Mindshappers Co., Inc.;
- Romero, K. 2016. Paglulugar ng Kahalagahan ng Pananaliksik sa Baitang 10 sa Filipino. <https://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/katipunan/article/viewFile/KA2016.00109/2180>;
- Tolentino, M. 2015. Senior Language Researcher ng Komisyon sa Wikang Filipino;
- Valaro, 2011. Ang Pagtuturo ng Wikang Ingles Bilang Midyum na Salita;
- Zafra, G.S. 2016. Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12) Understanding the K-12 Basic Education Program updated 0423122014-2015 Training of trainers (NTOT Cebu City)<http://www.dep.ed.gov.ph>;
